Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-12 NG PEBRERO, 2003 ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ....... | PANG PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 058-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY DUHAT NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON TATLONGDAAN PITUMPU'T SIYAM NA LIBO WALONGDAAN DALAWANG PISO AT ANIMNAPU'T PITONG SENTIMOS (P1,379,802.67)*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 02-T'03 Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 01-T'03 ng Sangguniang Barangay ng Duhat na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2003 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan lakip ang mga kapunahan at rekomendasyong nais ipahatid sa nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Duhat.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Louie C. de Leon at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay Duhat ng bayang ito na nagkakahalaga ng P1,379,802.67.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan